ISANG DAKILANG MAMAMAYAN NG REPUBLIKA
ni Rene O. Villanueva

MGA TAUHAN:

LOLA *76 anyos, maitim, tindera ng turon at banana cue*

TAGPUAN:
Gabi, kasalukuyan. Sa isang maliit na puwesto ng banana cue sa may Recto.

Ilang hakbang mula sa panulukan ng Recto at Bilibid Viejo, katapat ng terminal ng Victory Liner, may maliit na pondahan ng banana cue at turon. Sa bukana ng tindahan na hindi hihigit sa dalawang dipa ang lapad at luwang, maymahabang lutuan ng turon at banana cue. Nakapastong ditto ang isang kusinilya at nagtambak ang mga dahon ng saging at piling-piling na binalatang saging na saba. Hindi kailangang makita o maaninag ng manonood ang mga ito sa pagsisimula ng dula. May gaserang ilawan sa isang tabi. Nakaupo sa harap ng pondahan ang matabang matanda. Maaaring may mga taong nagdaraan sa harapan, pero walang pumapansin sa kanya.

Gabi na.

Sa simula, tila wala sa sariling nilalapirot ng LOLA ang isang maliit, parihabang tuwalyang puti, na halos kulay-libag na sa pawis at alikabok; habang panay ang pahid niya sahumuhulas na pawis sa mukha't leeg. Kausap ang manonood.

LOLA:
Wala pa ba? (*Hawak ang gasera, sisilip siya sa magkabilang tabi.*) Lintek! ang tagal naman. Sibsib na ang dilim a. Sigurado namang me nagreport na sa kanila.

Me nalilihim ba sa Maynila? Lalo dito sa kahabaan ng Recto. Dito pa sa terminal! Kahit kulay at amoy ng utot mo, ke gumagapang pa 'yan o nagririnyego; siguradong bistado ng lahat, mula Avenida hanggang simbahan ng Santa Cruz.

E wala naman akong balak magtago. Ano, bale? Hindi naman ako naghahanap ng sakit ng ulo ni katawan. Mamaya tugisin pa ako ng mga parak. E di natelebisyon pa ako. Mas malaking iskandalo, 'pag nagkataon!

Gaya nung tarantadong umakyat diyan sa poste ng koryente sa may Quezon Blvd.

Unti-unting liliwanag ang entablado. Makikita natin ang isang LALAKI na tumatawid sa mga kawad ng koryente. Halatang kinakabahan o natatakot.

O weno? E di pinagpistahan siya ng mga usyoso. Kaya iniligpit ko ang mga paninda ko para makiusyoso. Ay, mali! Dinala ko pala ang mga paninda ko, at doon ako sa mismong tapat niya naglako ng turon at banana cue. ‘Daming tao e! *Tatayo ang LOLA. May dalang basket na pupunta sa tapat ng LALAKI tumatawid sa mga kawad ng koryente. Lilinga-linga na parang sinisino ang mga mamimili habang pasigaw-sigaw ng kanyang inilalako.*

Turon! Turon! Bagong luto, may langka! Banana cue kayo riyan! (*Titingala at mapapapalatak*.)

Siyempre, hindi tuloy nakatalon-talon ‘yung gago. Nalito sa sobrang dami ng matang nakatutok sa kanya. Nahiya siguro sa dami ng bungangang nang-uudyok sa kanya. (*Sisigaw*.) “Tarantado, talon!”

Isa-isang darami ang mga usyoso. May istambay. May galing sa opisina. May makikisigaw. Lahat ay nakatingala. Makakarating sa dulo ang LALAKI, tatalungko.

Kung ano-ano ang isinisigaw ng mga usisero para tuluyang tumalon ang tarantado:

(*Sisigaw ang LOLA na tila iba-ibang tao ang humihiyaw.)*

“Ano pang hinihintay mo? ‘Yung mga kamera? Si Mike Enriquez?”

“Hindi na darating ‘yon! Nasapawan ka ng coup!”

“Me malaking rali sa Mendiola, tanga!”

“Siyempre, uunahin nilang tutukan ang Malacanang.”

“Lundag na!”

“Talon!” (*Papalakpak*.) Pero hindi nakatalon ang tarantado, hanggang sa halos maging sindami na ang mga usyoso ng tao kung pista ng Nazareno. Hanggang sa abutan na siya ng ambon.

Itatalukbong ng LALAKI ang dalawang kamay sa kanyang ulo. Saka magsisimula uling tumawid sa kawead ng koryente.

Hanggang sa magdatingan na nga ‘yung mga taga-radyo at telebisyon. E di lalong nangatog ang gago. Lalong napahiya ang walanghiya! Talagang hindi mo magagawang magpakamatay kung halos ang buong Maynila ang nakatingala at naghihintay sa paglundag mo.

Sigurado merong pang nagdarasal na madulas ka sana, para sulit naman ang pamimitig ng leeg nila. Walang puso ang mga tao e. Kaya hindi ako naniniwalang talagang magpapakamatay ‘yung gago. Kung magpapakamatay ka, magpapakahirap ka pa bang umakyat sa poste ng koryente? Ang kamatayan,

kailangang madali. Hindi pinagtatagal, para walang hirap. – Turon! Turon! Banana cue, bagong luto!

Maninimbang ka pa ba sa mga kable? Kung magpapakamatay ka, bakit do'n pa? Mas madaling lumundag sa *overpass,* di ba? Semento din naman ang babagsakan mo. Kung hindi mabagok ang ulo mo sa semento, tiyak na wala kang ligtas sa mga dumarating na sasakyan. (*Hahagikhik*.) Pero ... hindi rin nga pala; dahil wala sa tiyempo ang pag-akyat sa poste ng tarantado.Hapon na. Paano kang lulundag sa oras na 'yon, e hapon na nga? Di hindi ka nga masasagasaan! Kapag gano'ng oras, mas mabagal pa sa pagong ang usad ng mga sasakyan. Hindi ka rin puwedeng mabagok sa semento. Wala kang puwang na makikita sa sobrang dami ng dikit-dikit na sasakyan. Bamper to bamper! (*Hahalakhak*.) Pinakamasuwerte na 'yung bumagsak ka sa salamin sa harap ng isang sasakyan.- Turon! May langka, mainit pa! - Puwedeng madurog 'yung salamin at matusok ka ng matutulis at matatalim na bubog. 'Yon e kung masasalalak ka.

Pero dahil yayatot-yatot, singnipis ng istik ng banana cue ang parilya ng gusgusing tarantado, mabuti kung lumusot siya sa salamin! Baka damputin lang siya sa kandungan ng drayber o pasahero sa unahan. E di ba mas napakalaking malas naman! Hayun, nakumbinsi ring bumaba ng mga pulis. Sayang! 'Buti na lang naubos ang turon ko.

Isang pulis ang aakyat sa hagdan ng bumbero at aabutin ang kamay ng lALAKI. Bababa ang LALAKI. Saglit na magdidilim. May kukuha sa roller sa puwesto habang malilinis ang ag-aalisan ang mga usyoso.

Babalik si LOLA sa tindahan niya.Muling uupo at hahawakan ang gasera. Palinga-linga.

Kaya plis, plis lang ... Pakiabatan nga ninyo 'yung mga parak 'pag dumating. Sandali na lang. Baka makalingatan ko at hindi mapansin. Magliligpit-ligpit muna 'ko.

Tatayo para magligpit, pagkuwan ay magbabago ang isip. Babalik sa pagkakaupo.

Sabagay hindi naman ako aalis dito. Wala naman akong gagawin. Wala akong pupuntahan. Sa loob ng halos dalawampung taon mula nang mabili ko kay Tandang Kanor ang puwestong ito nandito lang ako lagi. Mula madaling araw. Ni hindi pa sumisikat ang araw, ni hindi pa nakapaghihilamos 'yung dispatcher diyan sa Victory.

Maririnig ang ingay ng mga bus sa terminal habang inaayos ang puwesto. Aalis at LOLA, pagbalik may bitbit na piling-piling na saging na saba.

Tuloy-tuloy ‘yong busina, ungol ng makina hanggang hatinggabi, matapos linisin at igarahe ang pinakahuling bus na galing sa Baguio o Bataan, narito lang ako sa tapat ng terminal.

Magbabalat ng mga saging. Bobombahin ang kusinilya. Maghahanda sa pagluluto ng turon at banana cue.

Nagbabalat ng saba. Nagbobomba ng kalan para maisalang ang kawali. Nagpapainit ng Minola. Nagbubuhos ng kalahating kilong asukal na pula sa mainit na mainit, halos kumukulong cooking oil. Hanggang sa mag-arnibal ang asukal. Hanggang sa maglubid-lubid ang arnibal na pula. Saka ko ibubuhos isa-isa ang piraso ng saba. Saka ko hahaluin ko nang hahaluin ang arnibal para bumalot sa bawat piraso ng saging. Kapag naluto, hahanguin kong lahat sa planggana. Bahagyang palalamigin. Saka tuhuging tatlo-tatlo sa istik na kawayan, Sa matulis, makinis na istik ng kawayan ...

Isa o dalawang MANGGAGAWA ang bibili ng turon. Kakainin ang binili sa puwesto.Makaraang makakain, aalis ang dalawa.

MANGGAGAWA 1:
‘La, me luto ka na?

MANGGAGAWA 2:
Lumiliit yata ang saging n’yo ‘La.

LOLA:
Bakit? Kaninong saging ba ang hindi lumiliit? Kung ayaw mo, mag-Jolibee ka! - At may malalantakan na kahit sinong humihilab ang tiyan. Ayaw n’yo pa ba no’n, sa halagang limang piso, makakaraos na kayo? (*Muling mauupo*.)

Kaso, kahit anong sikap ang gawin ko, kahit anong sipag, mula noong mabili ko ang puwestong ito kay Tandang Kanor, hindi ako makaraos. Panahon pa ni Marcos ‘yon!
Tuwing magbabago ang administrasyon, umaasa kaming bubuti ang buhay kahit paano, kahit katiting. Pero nagdaan si Marcos, si Cory, si Ramos, si Erap, hanggang sa tukayo ko, gano’n pa rin. Konting mabusog, problema na naman kung saan dudukot ng susunod na isusubo.

Ganon nang ganon; kahit bago pa maging presidente si Marcos, gano’n na.

Hindi nga lang dito ang puwesto ko noon. Sa tirahan namin sa may Gastambide, malapit sa eskwelahan. Katulong ko pa si Elsa, ang panganay ko ...

LOLA:

Kung saan-saan ka na naman siguro dumaan, ano? Ba't tanghali ka na?

ELSA:
Me pinagawa pong project 'yung adviser namin e.

LOLA:
Sige, balutin mo na 'yang mga turon. Mayamaya lang may maghahanap na riyan.

LOLA:
Pangarap ko sanang maging titser si Elsa. Pero hayun, sa tarantadong kapitbahay lang namin bumagsak.

LOLA:
Kaso, hindi lang matigas ang buto no'ng Erning na 'yon; yayatot-yatot e saksakan ng kati. Sabi ko na kasi sa anak ko, 'wag mong patulan 'yan. May mukha nga, pero libag lang sa uten ang kayamanan. Makati pa sa gabi, maniwala kayo!

LOLA:
Kabi-kabila ang kabit. Me weytres, me modista, pumatol pa pati sa tisika na nasa Saudi ang asawa. Sabi ako nang sabi kay Elsa na mag-iingat siya, dahil baka kamukat-mukat e uubo-ubo na rin siya at kapag dumura e meron nang kimpal-kimpal na dugo. Pero alam n'yo 'yang anak ko, kundi saksakan ng bingi, saksakan ng tanga o saksakan ng tigas ang bao! Wala pang sambuwang pinayagan ko siyang tumao sa pondahan, ayun, nasungkit na ni Payayot. Sanlinggong dinala sa Laguna, nang bumalik buntis na. Naku! Maisusumpa mo talaga kahit me Santo Kristo ka sa dibdib! At hindi pa nagkasya na magkaasawa ng batugan.

Sampu! Sampung sunod-sunod ang pagbubuntis.

Isip mo, mga namamanata sa Nazareno kung gumawa ng bata. Buti na lang at sa sampung apo kong iniluwal sa Dr. Reyes, anim lang ang nabuhay. At sa anim, tatlo naman ang tinamaan ng peste. 'Yung dalawa e tinigdas o tinamaan yata ng brongkitis kaya bago pa magtatlong taon e salamat-sa-Diyos, natepok agad. Bakit naman kayo napa-Susmaryosep? Dib a talaga naming mas masuwerte sila kung tutuusin? Maikling panahon lang ang tiniis na hirap, e ako? Ni parehong hindi pa nga nakakalakad nang matatag ang dalawa; 'yon naman lalaki, nasilat sa manhole, minsang malakas ang ulan. Sabi ko na kasi, huwag pinalalabas ang bata sa gabi, ang titigas ng kukote! Nagmamarakulyo pa kapag sinasabihan, kaya hayun, sabi ng kapitbahay na huling nakakita, nadupilas sa manhole na me nakatusok lang na bakal. Baha na kasi, hindi siguro napansin ng bata 'yung bakal na nakatusok sa butas.

Ano naman ang maaasahan ninyo sa batang lilimang taon? Lalo kung nakatakas lang para maglaro. Siyempre, nagtatampisaw ‘yon sa tubig. Iisipin pa ba no’n kung ang tinatapakan niya’y me disgrasyang naghihintay? Hayun, kinabukasan na napulot sa dulo ng imburnal.

Akala n’yo ba porke tatlo lang ang mga anak nila e bumuti-buti sila? Hesus! (*Luluhod saka nakadipang lalakad nang paluhod sa palibot ng tindahan*.)

Panguinoon! Kung hindi ka pa nagsasawang tumunghay sa suson-susong kamalasan namin, di sana’y hindi mo hinayaan ang lahat nang ito?

Ano ba’ng problema? Lingo-lingo naman akong nagsisimba. Kung Pista ng Quiapo, oo nga at hindi ako nakikihila sa ipinuprusisyong Poong Nazareno. Nakikipunas lang ako ng panyo sa mga paa ng Mahal na Hesuskristo; pero hindi ako pumapalya, kahit anong lagay ko, sa unang misa sa araw ng pista, kahit saksakan ang dami ng tao sa loob ng simbahan. Bukod sa lagi kong hinihintay ko ang pagdaraan sa gabi ng prusisyon, ha!

Sa dulo ng tanghalan, lalabas ang NAZARENO na may pasan-pasang krus hanggang sa tuluyang lumabas.

LOLA:
Nagsasakripisyo nga ako sa paghihintay sa mga deboto mo, baka akala mo? O di ba, ‘pag Pista ng Quiapo, mga alas-kuwatro pa lang tumitigil na akong magluto ng turon at bababana cue. Baka sabihin mo naman, puro pagkita na lamang ng pera ang nasa tuktok ko. Kahit natitiyak kong mabiling-mabili ang turon at banana cue sa oras na ‘yon. Alam mo bang ‘yon ang paraan ng pagtitika ko para sa iyo, Mahal na Nazareno, para kapag dumaaan ang prusisyon, walang laman ang isip ko kundi sana ay matanaw ang Poon, na tulad naming ay nakabayubay sa krus. Hinuhubad ko ang aking delantar at tinitipon ang lahat ng barya ko’t perang papel sa isang boteng plastik, para maluwag akong makatayo sa gilid ng daan, hindi nag-aalalang baka ako madukutan o masalisihan ng mga mapagsamantala; para maluwag akong makakaway sa Kanya, sa Nazarenong nasa itaas ng platapormang kinukuyog ng mga nagmamamakaawang sindami ng langgam. Kuyog ng mga langgam, gaya ng mga mumo ng namuong arnibal, na natapon sa lupa!

Hindi pa ba sapat na sakripisyo ‘yon? Alam n’yo ba kung magkano ang kitang nawawala sa akin sa pag-aantabay sa prusisyon? Halos dos siyentos pesos din, Mahal na Poong Nazareno!

Pero naiintindihan ko, kahit hindi mo kami iniibsan ng bigat. Kahit natutunghayan mo, ngunit hindi pinapatid ang lubid-lubid naming hirap. Lubhang marami kang inaalala. Ako man ang nasa lagay mo, matuturete rin ako sa dami ng nagsusumamo sa iyo. Saka sabi mo nga, hindi laging dapat naming iasa ang lahat sa iyo. Malapit man ang Quiapo, masyadong malayo ang langit

para sa aming mga daing. Pero sino'ng aasahan naming mag-aangat at hahango sa amin sa aming kapalaran? Ang gobyerno? Mas malayo sa Quiapot ang Malakanyang. Asa kami nang asa sa tuwing magpapalit ng presidente. Asa kami ng asa sa mga bagong pangako. Bababa ang presyo ng galunggong. Tataas ang kita. Minsan nangyayari, pansamantala; pero di-magtatagal, balik uli sa dati ang lahat. Balik sa lagpas-ngusong tubig ng hirap. Kaya wala na kaming ginawa kundi ang suminghap-singhap. Kaya nagpapasalamat na rin ako sa iyo, Mahal na Poon. Mapalad kaming biniyayaan mo ng dalawang malalakas na braso. Patunay ang mga bisig na ito, na hindi mo ako pinababayaan dahil binigyan mo ako mga kamay, para huwag nang umasa sa iba, para tubusin ang aming mga sarili.Para makakawag-kawag upang manatiling nakalulutang sa malawak na dagat ng buhay.

Maglalatag ng patung-patong na diyaryo si LOLA sa lupa, mahihiga.

Kahit sisinghap-singhap. Kahit mahigit sitenta anyos na ako, at ang totoo'y hapo na. At ang talagang gusto ko'y umidlip kahit man lang isang oras lang tuwing hapon, sa halip na magtalop ng bunton-buntong piling ng saging na saba, at masalab sa init ng apoy ng kalan at kumukulong mantika. Naniniwala ako - mapalad ako. Mapalad kami!

Mayroong mga taong walang paa. May mga tigmak sa sakit kaya di-nakakilos at makapaghanap-buhay. May mga naputulan ng braso; may kulang-kulang ang daliri; ang iba'y dahil sa walang kabagay-bagay na dahilan. Pero ako, ang iyong pinagpalang si Lola Goya; sa kabila ng walang katapusang paghilab ng mga taon ay hindi mo hinayaang mapigtaan ng lakas. Malalakas pa rin ang aking mga bisig. Salamat, Panginoon!

Kaya lang, di mo naman siguro ikagagalit kung aamining kong paminsan-minsan, naiisip kong nang wisikan mo ako ng grasya, sana'y nilubos-lubos mo na. O kahit idinawit mo na rin sa grasyang basbas mo sa akin ang kaisa-isa kong anak na Elsa. Si Elsa ko na pinagsikapang huwag matulad sa akin sa masadlak ang buong buhay sa pagtatalop ng saging na saba at patutuhog ng banana cue. Hindi na baleng hindi ko siya napagtapos na high school kaya hindi siya naging titser (tanggap ko namang medyo bopol ang anak kong iyon); hindi baleng hindi mo siya inagaw sa kamay ng Erning na 'yon (matigas talaga ang uilo ng batang 'yan; kaya kahit anong pangaral labas-masok lang sa tenga). Pero sana (masama bang isipin, Diyos ko?) na nang kinuha mo ang tatlong anak nila, bakit hindi mo pa nilubos at kinuhang lahat?

Bakit may tatlo ka pang itinira?

Hindi. Huwag po ninyong isiping sinasabi ko ito para usigin kayo. Hindi ko kayo sinisisi. Kita naman ninyo, ano bang ginawa ko nang maghiwalay si Elsa

at ang asawa niyang si Erning? Nang iwanan ng anak ko ang tatlong nilang anak sa poder ko? Kahit lagpas ng sitenta ang edad ko, at walang sinomang katuwang sa buhay. Oo nga, namura ko si Elsa nang itambak ang tatlong bata sa bahay dahil hahanapin daw si Erning, pero tinanggap ko rin ang tatlo kong apo. Hindi lang sa naaawa ako at wala namang ibang mag-aaruga sa tatlong bata. Ang totoo, tuwing makikita ko ang aking mga apo, lalo ang bunsong si Edita, na kamukha-kamukha ng ina noong maliit pa, naiibsan ako ng pagod. At kahit tila lagging nilalagnat ang katawan ko at namimigat ang mga pang di ko na halos maihakbang gustiog-gusto kong haplusin ang kulot na buhok ng pinakabunso kong apo, ng aking apo na magtatatlong taon, at hindi pa nakatatayo nang matatag, ni hindi pa nga nakapagsasalita nang diretso. Pautal-utal lang; pero tuwing darating ako ay sinasalubong ako ng “Yoya, Yoya.”

At totoong luwalhati ang mga salitang iyon para sa akin. Kaya kahit humuhulas ako sa pawis, kakargahin ko ang bunso kong apo. At ilalapat ko ang ulo niya na tila nakapatong sa laging nanlalambot na leeg (kaya siya madalas tinutuksong Engot ng mga walang pusong kapitbahay namin). At hahaplusin ko ang ulo niya at likuran, hanggang sa humimlay siya sa malapad, nagmamantika, ngunit amoy-arnibal kong dibdib.

Si Edita, ang bunso kong apong si Edita. Ang sakitin kong apo.

Magdadalawang lingo na siyang paulit-ulit na inuubo at nilalagnat. Madalas ko namang pinaiinom ng am. Binabanyusan ng malamig na tubig para bumaba ang lagnat. Hinihilot ko ng manzanilla, o ng Minola na may dinikdik na luya, ang katawan at mga biyas, gabi-gabi bago matulog. Pero lagi pa ring nilalagnat. Minsa’y mainit na mainit, parang sinisilaban ang buong katawan. Kaya magdamag na ingit nang ingit. Kahit ipaghele ko. Kahit yugyugin habang karga ko. Kahit kantahan pa ng pampatulog. “Ili-ili, tulog anay; wala diri imo nanay ...”

Pero ingit pa rin nang ingit, anoman ang gawin ko. Hanggang sa hindi ko na magawang iwanan sa bahay, dahil sino ang mag-aasikaso sa kanya? Ni hindi ko naman alam kung saan hahagilapin ang ina niya. Wala akong kahit kapirasong balita kay Elsa. Nasaan na kaya ang batang iyon?

Kaya kahit malaking istorbo si Edita sa pagtitinda ko, napilitan ako isama siya sa puwesto. Kahit na dahil sa kanya ay malaki ang ibinagal ng kilos ko at malaki ang nawala sa araw-araw na kita ko. Paano ako makapagtatrabaho nang maayos samantalang may ingit nang ingit sa tabi ko. Kahit pasusuhin ko ng am, na minsa’y hinahaluan ko ng pulang asukal para tumamis o kaunting asin para maiba ang lasa. Ingit nang ingit. Kung medyo malakas-lakas at hindi gaanong mataas ang lagnat, wala namang nasasabi kundi “Yoya, Yoya.” Hindi rin siya umiiyak kahit anong taas ng lagnat.. O baka sa sobrang hina niya, ni hindi na makuha ng mga mata niya ang umiyak. Ingit lang nang ingit. Alam kong dapat noon ko pa siya dinala sa ospital. Pero kailangan ng pera ‘pag dinala ang maysakit sa ospital; ‘pag niresetahan ng gamot ... Pero, nasaan ang pera?

Kaya pinagtiisan ko na lang kahit hindi ako makakilos nang maayos ‘pag kasama siya. Hindi ako makapagtalop ng saging nang tuloy-tuloy. Minsan, kumukulo na ‘yung mantika, hindi ko pa maibuhos ‘yung asukal. O lumamig na yung mga naipritong saging pero di ko pa rin sila maituhog sa istik. Minsan, may mga drayber o pasaherong bumibili pero hindi ko agad maasikaso.

Hanggang kaninang tanghali, nakasalang pa naman ‘yung mga turon. Biglang umiyak. Sabi ko “Sandali lang apo. Teka, hahanguin ko lang ang turon.Madaling masunong ‘yung wrapper ng lumpia e. ‘Pag nasunog e malaki ang malulugi sa atin.” At hinango ko nga ang mga turon, hinango ko at inilagay sa planggana. Saka isa-isa pinagpatong-patong sa bilaong may saping dahon ng saging para maihanda sa pagbebenta. Nang makita ko ang bunso kong apo, tumitirik ba naman ang mata! Diyos ko po, Panginoon! Nang hawakan ko, nanlalamig ang buo niyang katawan. Ano’ng gagawin ko? Hindi ko naman maisusugod sa ospital. Pa’no ko iiwanan ang tindahan? Diyos ko, Diyos ko! Mabilis akong nag-apuhap ng solusyon. Walang aasahan kundi ang sariling mga kamay, Panginoon!

Hinawakan ko siya sa dalawang paa. Hinablot sa higaan ng pinagsapin-saping dahon ng saging, na sinapnan ko ng maruming daster. Hinawakan ko siya sa dalawang paa saka inihampas ang ulo sa gilid ng daan, sa sementadong gilid ng daan.

Ni hindi ko narinig na umingit ang apo ko. Wala, kahit munting pagibik ...

Sigurado akong may nakakita o nakapansin. Sa dami ba naman ng nagdaraan?

Tiyak, darating ang mga pulis. Kundi magmilagro at mismong ang Nazareno ang sumundo sa akin ....

Makaraan ang ilang sandali, sisilbato ang sirena mula sa sasakyan ng mga pulis at isang puting liwanag ang tututok sa tindahan at kay LOLA.

Tatayo siya, pasalubong sa liwanag habang hawak ang nanlilimahid na puting tuwalya parang ihinahaplos sa di natin nakikitang Poon.

Saka pupulutin sa bandang likuran,at kakargahin, yayapusin ang bangkay ng batang tatatlong taon, basag ang bungo, at naliligo sa natuyong dugo.

TELON
Enero 26, 2006.
First Draft